AHA! LEARNING CENTER'S
# ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

## READING FOR GRADES 3-6
### Aralin 9

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mambabasa! Handa ka na bang basahin ang kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating basahin ang librong* ***"Pambihirang Buhok ni Raquel" na isinulat ni Luis P. Gatmaitan, M.D.*** *Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!* |

| **Reading for Grades 3 - 6 - Aralin 9** |
|---|
| Book Title: Pambihirang Buhok ni Raquel |
| Author: Luis P. Gatmaitan, M.D. |
| Source: Adarna House / Buribooks |

**I. Pagbati**
Magandang araw! Kumusta na tayong lahat ngayon? ☺☀ Narito si Teacher _____ para sa ating Reading lesson! 🧡📚 Ang babasahin natin ngayong araw ay ang huling parte ng "Pambihirang Buhok ni Raquel" ni Luis P. Gatmaitan, M.D. 👩🏽🏫

**II. Pangako Para sa Araling Ito** 🙏🏽
Bago tayo magsimula, ipangako natin sa isa't isa na:

(1) Dahan-dahang bibigkasin ang kada linya ng storya 📣
(2) Dadamdamin at sisikaping intindihin ang kwento at, 🤓
(3) Hindi matatakot magtanong kay Teacher o sa ating mga nakatatanda sa bahay kung may hindi tayo naiintindihan. 🧡👩🏽👨🏽👴🏽👵🏽

Ating tandaan ang mga pangakong ito. ☺

**III. Talasalitaan** 💬
Para mas maintindihan nang husto ang kwento, tingnan muna natin ang ilang mga salita sa ibaba na makikita natin sa kwento; baka hindi pamilyar ang mga ito sa atin!

Maaari ring magtanong sa mga nakatatanda kung ano ang ibig sabihin ng mga 'to kung kailangan ng karagdagang paliwanag! 🤔

**(1) Lumatag** - ikalat o ibaba sa isang patag na bagay ang isa pang bagay
**(2) Peluka** - pekeng buhok
**(3) Leukemia** - isang uri ng sakit sa dugo
**(4) Pakakawalan** - palayain

Alam kong kakayanin natin 'to! Simula na tayo!
--

**IV.📚 PAMBIHIRANG BUHOK NI RAQUEL NI LUIS P. GATMAITAN M.D.**
*Bigkasin natin ang kada-linya* 📣

•Blag! "Raaqqqquueeellll!" 🗣️

•Lumatag sa sahig ang maputlang katawan ni Raquel. Takot na takot ako, nanginginig. 😨

•"Anong nangyari sa aking pinsan? Kagagawan kaya ito ng mga taong maliliit 🧙‍♀️🧙‍♂️ na nagtatago sa ilalim ng kaniyang buhok?" 🤔

•Habang tumatakbo palapit sina Tito👨‍🦲♂ at Tita👩‍🦲♀, nasulyapan ko ang ulo ni Raquel 👩🏻‍🦰. Natanggal ang kaniyang pambihirang buhok! 😳

•Walang kaharian 🏰, walang bahaghari 🌈, walang taong maliliit 🧙‍♂️🧙‍♀️ sa ilalim ng kanyang buhok. Kalbo si Raquel 👩🏻‍🦲! Peluka lang pala ang buhok na kakaiba! 😳

•Noon ko lang nalaman kung ano talaga ang sakit ni Raquel 👩🏻‍🦰. Lu-kim-yah, ganon ang bigkas ni Tita 👩‍🦲♀. Nagmamadaling isinugod nila si Raquel 👩‍🦰 sa ospital 🏥. Baka kailangan na raw siyang salinan ng dugo 💉 at bigyan ng panibagong gamot. 💊

•Umiyak ako ng umiyak 😭 kay Nanay 👩🏻. "Bakit gano'n?" tanong ko 🤔. "Talagang gano'n," sagot ni Nanay 👩🏻. "Kahit ang mga bata 👧🏽👦🏽 ay hindi puwera sa kanser.", at pinahid niya ang aking mga luha. 😢

•Bigla kong naalala 🤔 ang madalas na sinasabi 🗣️ sa akin ni Raquel 👩🏻‍🦰 na mas mapalad daw ako kaysa sa kanya. Noon ko lang 'yon naintindihan. Hindi nga kami mayaman. Hindi ako maganda o maputi. Pero, malusog ang aking katawan. 😌

•"Ang kalusugan ay kayamanan," yan ang madalas sabihin ni Tatay. 😊

•Nang lumabas ng ospital 🏥 si Raquel, mapula na naman ang kaniyang pisngi. May ngiti na uli ang kaniyang labi. ☺

•"Tinakot ba kita?" biro niya. Hindi ko na sinagot ang kaniyang tanong. Basta't niyakap ko na lang siya nang mahigpit - mahigpit na mahigpit na para bang hindi ko na siya pakakawalan pa. 👐😊

•Hanggang ngayon, sa lahat ng aking mga pinsan, si Raquel 👩🏻‍🦰 pa rin ang aking hinahangaan kasi higit sa pamibihirang buhok, taglay niya ay pambihirang tapang. 😉
--
At dyan nagtatapos ang ating kwento. Nabasa mo ba ito nang maayos? Nagustuhan mo rin ba ito?

**V. Gawain** ✏

Para sa ating gawain, balikan natin ang kwento.

🔎 Nabanggit sa istorya na kalbo si Raquel, ano nga ba ang tawag sa sinusuot niyang kakaibang buhok?

🔎 Sinabi sa istorya kung ano ang sakit ni Raquel, natatandaan mo pa ba ito?

🔎 Bakit nga ba nasabi ni Raquel 👩🏻‍🦰 na mas mapalad sa kanya si Ana? 👩🏻

🔎 Sa huli, si Raquel pa rin ang pinaka-hinahangaan pinsan ni Ana. Natatandaan mo pa ba ang dahilan?

**VI. Pagnilayan** 🙏🏽

Bago matapos ang ating aralin, ating pag-isipan ang katanungang ito::

Kung ikaw si Ana, hahangaan mo rin ba si Raquel? Bakit? 🤔

Huwag nating kalimutang suportahan at alagaan ang ating mga kapamilya 👨👩👧👦 o kakilala na maysakit 🤒. Iparamdam natin sa kanila kung gaano sila kahalaga sa atin sa pamamagitan ng pagpapalakas ng kanilang loob habang sila'y nagpapagaling.
At magpasalamat din tayo sa ating panibagong buhay na natatanggap mula sa Diyos sa araw-araw. 😊

Mga Sagot sa Gawain at Pagtatapos

**VII. Sagot sa Gawain** ✏

🔎 Ito ay tinatawag na peluka➡👩‍🦰. Nakakita ka na ba nito?🤔

🔎 Siya ay may sakit na Leukemia. Ikaw, nagkasakit ka na rin ba at nadala sa ospital🏥? 🤔

🔎 Dahil malusog ang pangangatawan ni Ana. ☺Ano ang matuturing mong lakas mo? 🤔

🔎Dahil higit sa pamibihirang buhok ni Raquel 👩🏼🦰 taglay niya ay pambihirang tapang. 😉 Sang-ayon ka ba sa sinabi ni Ana? Bakit? 🤔

**VIII. Pagtatapos**✔️
May parte ba ng aralin na nahirapan ka? O may gusto ka bang ibahaging mga kasagutan sa grupo natin? Magmensahe lang po sa grupo, o maaari rin imensahe kay Teacher. ❤
-
This story was published by Adarna House.
This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.